

4

Gawaing Pampagkatuto sa GMRC

Kuarter

Linggo

8

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC
Kuwarter 1: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

Bumuo ng Materyal

Manunulat:	Nimfa S. Medriano, Cristy D. Sagun
Content Reviewers:	Mary Ann Grace B. Dulay, Minerva A. Muñoz, Prudencio Z. Embuido
Tagaguhit:	Mark Jay Q. Bongolan
Tagalapat:	Abraham G. Ocan, Patricia Ulyenne F. Garvida
Enhanced by:	Arlyn M. Brigola, Ruby Ana S. Oloroso
External Content Validators:	Catherine C. Elegido, Irene de Robles
External Language Validator:	Ruen P. Lomo

Namahala sa Pagbuo ng Materyal

JOCELYN DR ANDAYA *CESO IV*, Regional Director
CRISTITO A. ECO *CESO III*, Assistant Regional Director
MICAH G. PACHECO, OIC Chief Education Program Supervisor
ROLAND D. MONTES, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
DENNIS M. MENDOZA, Regional LR Education Program Supervisor
TOMAS C. GALIZA, LR Education Program Supervisor

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

<i>Asignatura</i>	GMRC	<i>Markahan</i>	1
<i>Linggo</i>	7	<i>Araw</i>	
<i>Pamagat/Paksa ng Aralin</i>	Sariling Tungkulin sa Kamalayan sa mga Mabuting Kaugaliang Pilipino		
<i>Pangalan</i>		<i>Baitang at Seksiyon</i>	4

Gawain Blg: 1

Pamagat/Paksa ng **Panimulang Gawain**

Gawain:

Layunin: Natutukoy ang mga pansariling taglay na mga mabuting kaugaliang Pilipino (hal. masayahin, madasalin, masipag)

Kagamitang Kailangan: **Mga larawan ng paghahalaman at pagtatanim**

Laang-Panahon: **5 minuto**

Pagtukoy ng mga Kaugalian



Anu-anong kaugaliang Pilipino ang ipinakikita ng nasa larawan?

SCAVENGERS HUNT

Pangalan ng Kaklase	Kaugaliang Kapareho ng Sa Iyo

Gawain Blg: 2

Pamagat/Paksa ng Gawain: Pagbabasa ng Kuwentong may kinalaman sa magagandang kaugalian ng mga Pilipino.

Layunin: Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling kamalayan sa mga mabuting kaugaliang Pilipino.

Kagamitang Kailangan: Mga larawan ng paghahalaman at pagtatanim

Laang-Panahon: 15 minuto

"Si Juan at ang Kaniyang Pagtulong sa Kapuwa"

Akda ni Cristy D. Sagun DAPSMECS MAIN, SDO Uradaneta City

Noong araw sa isang malayong barangay, may isang batang lalaki na nanggangalang Juan. Si Juan ay kilala sa kanilang lugar dahil sa kaniyang malasakit sa mga kapuwa. Isa siyang mabait, mapagbigay, at palaging handang tumulong.

Isang umaga, habang pumupunta si Juan sa paaralan, nakita niya ang isang matandang lalaki na nahihirapang maglakad. Agad siyang huminto sa paglakad para tulungan ang matandang lalaki sa pagtawid ng kalsada. Pinasan niya ito at inalalayan at tinanong kung paano niya matutulungan.

"Ginoong Juan, maraming salamat sa iyong kabaitan," sabi ng matandang lalaki. "Ako ay papunta sa tindahan upang bumili ng aking mga pangangailangan, ngunit nahihirapan akong maglakad."

Agad tinulungan ni Juan ang matandang lalaki sa kaniyang mga gawain nang buong puso at walang pag-aalinlangan." Ipinasya niyang ituloy ang pagtulong dito sa kaniyang buong pag-aalala. Pagkatapos ay nagbigay si Juan ng ilang pagkain at iba pang kailangan para sa tahanan ng matanda.

Sa kanilang paglakad pauwi sa tahanan ng matanda ay masayang nagkuwentuhan ang dalawa. Ikinuwento ng matanda ang tungkol sa kanyang kabataan samantalang ibinahagi naman ni Juan ang tungkol sa kaniyang mga pangarap.

Noong makarating na sila sa bahay ng matandang lalaki, nagpasalamat ang matanda kay Juan sa hindi matatawarang pagtulong. Sabi niya, "Walang anuman po, Ginoong Matanda. Ang kasiyahang aking naramdaman sa pagtulong ay sapat na gantimpala para sa akin.

Mga katanungan at kasagutan

1. Ano ang naging unang aksiyon ni Juan nang makita niya ang matandang lalaki na nahihirapan?

Kasagutan: Agad na huminto sa paglakad si Juan para tulungan ang matanda na makatawid sa kalsada.

2. Ano ang naging epekto ng pagtulong ni Juan sa matandang lalaki sa kanilang relasyon?

Kasagutan: Ang pagtulong ni Juan sa matandang lalaki ang naging daan upang sila ay magkaroon ng magandang ugnayan. Naging magkaibigan at naging maganda ang ugnayan sa pamamagitan ng pagtutulungan.

3. Paano naging magkaibigan sina Juan at ang matandang lalaki?

Kasagutan: Sa pamamagitan ng pag-alalay sa kaniya sa pagtawid sa kalsada at sa iba't ibang pagkakataon ng pagtulong sa isa't isa, naging magkaibigan sina Juan at ang matandang lalaki.

4. Paano naihatid ni Juan si Matandang Lalaki sa tindahan? Ano ang mga nangyari sa kanilang pag-uusap habang naglalakad?

Kasagutan: Inalalayan ni Juan ang matandang lalaki patungo sa tindahan habang siya mismo ang naglalakad. Sa kanilang pag-uusap, ibinahagi ng matandang lalaki ang mga kuwento ng kaniyang kabataan at ang kaniyang mga karanasan.

5. Ano ang mga pagkakataon kung saan ipinakita ni Juan ang kanyang mabubuting kaugalian sa kuwento?

Kasagutan: Ipinakita ni Juan ang kaniyang mabubuting kaugalian sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kapuwa at pagiging mapagkumbaba. Nang matagpuan niyang nahihirapan ang matandang lalaki, agad siyang tumigil upang tulungan ito. Sa iba't ibang sitwasyon, ipinakita niyang handang magbahagi at mag-alaga sa kapwa.

Gawain Blg: 3

Pamagat/Paksa ng Gawain: **Pagbabasa ng Kuwentong may kinalaman sa magagandang kaugalian ng mga Pilipino.**

Layunin: Naipaliliwanag na ang sariling kamalayan sa mga mabuting kaugaliang Pilipino ay mahalaga upang maiangkop ang mga kilos at pag-iisip na katangi-tangi sa lahing pinagmulan.

Kagamitang Kailangan: **Mga larawan ng paghahalaman at pagtatanim**

Laang-Panahon: **15 minuto**

Rubrik sa Paggawa ng Sanaysay

Kategorya	Puntos	Halimbawa ng mga kriterya ng pagtatasa	Marka
Kabuuang ideya sa paksa	50%	Kahusayan sa pagbuo ng sanaysay at koneksyon sa paksa nito.	
Likas na kakayahan	30%	Orihinalidad, ng gawa	
Kabuoang Impresyon	20%	Kabuoang epekto, kapani-paniwala, at kahalagahan ng Pagprisinta.	

Pangalahatang Gabay sa Pagmamarka:

- 90-100:** *Napakahusay* - Ipinamalas ng mag-aaral ang kagalingan sa pagkakalikha ng sanaysay na umaakma sa paksa.
- 80-89:** *Mahusay* - Malinis na pagkakasulat, at mabisang paggamit ng mga salita.
- 70-79:** *Sapat* - Nakita ang ilang aspekto ng pagbuo ng isang sanaysay ngunit may mga bahagi na maaaring mapabuti pa.
- 60-69:** *Kailangan ng Pagsasaayos* - May mga kakulangan sa pagkakabuo ng sanaysay o pagkakasunod-sunod ng kuwento na nangangailangan ng mas malaking pagsasaayos.
- 50-59:** *Medyo Kapos* - May mga malinaw na kakulangan sa pagkakabuo ng sanaysay.
- 49 pababa:** *Hindi Sapat* - Napakaraming aspeto ang naging hindi kanais-nais sa ginawang sanaysay.

Tandaan na ang mga halagang ito ay maaaring baguhin o baguhin base sa iyong layunin, kagustuhan. Ang rubrik na ito ay isang gabay lamang para sa pagtatasa ng *performance*.

Gawain Blg: 4

Pamagat/Paksa ng Gawain: **Pagbabasa ng Kuwentong may kinalaman sa magagandang kaugalian ng mga Pilipino.**

Layunin: Naisakikilos ang mga tinataglay na mabuting kaugaliang Pilipino.

Kagamitang Kailangan: **Mga larawan ng paghahalaman at pagtatanim**

Laang-Panahon: **15 minuto**

Rubrik sa Pagtatalo/Debate (21 Puntos)

Pamantayan	1	2	3	Sarili	Pangkat
Paksa/Kaisipan	Walang mainam na kaisipang ipinahayag tungkol sa paksa.	May naipahayag na 2 hanggang 3 kaisipan ang nabanggit tungkol sa paksa.	Lubhang malinaw at maayos ang kaisipang naipahayag. May 4 o higit pang kaisipan ang nabanggit tungkol sa paksa.		
Pangangatwiran	Walang sapat na katibayan ng pangangatwiran	Walang gaanong iniharap na pangangatwiran	May sapat na katibayang iniharap sa pangangatwiran.		
Pangangatwiran	Walang sapat na katibayan ng pangangatwiran	Walang gaanong iniharap na pangangatwiran	May sapat na katibayang iniharap sa pangangatwiran.		
Pagpapahayag/Pagsasalita	Mahina at hindi maunawaan ang sinasabi.	Mahina ang pagkakapahayag ngunit may pang-akit sa nakikinig ang boses o pagsasalita.	Maayos na maayos ang pagkakapahayag na may pang-akit sa nakikinig ang boses o pagsasalita.		
Pagtuligsa	Walang naipahayag tungkol sa sinabi ng kabilang panig.	May isa o dalawang malinaw na pahayag tungkol sa ipinahayag ng	May 3 o sapat at malinaw na pahayag tungkol sa ipinahayag ng kabilang panig.		

		kabilang panig.			
Tiwala sa Sarili	Hindi maayos ang pagsasalita dahil sa kaba kaya't nabubulol.	May mahinang pagpapahayag dahil naipabatid nang kaunti ang layunin ng panig.	Lubusang naipahayag nang malinaw at naipabatid ang katanggap-tanggap na layunin ng panig.		
Kabuoang Puntos					